*Mt. Zion Baptist Missions Philippines – Sermon Notes*
*July 23, 2017 – Sun. PM – Missionary Bill Hardecker*

**Pamagat**: Ang Katuwiran ng Diyos

**Texto**: Ps. 119:137 "TZADDI. Righteous art thou, O LORD, and upright are thy judgments."
*Pagsasalin*: TZADDI Matuwid ka, Oh PANGINOON, at matuwid ang iyong mga hatol.

**Panimula**:

1. Ito po ay ang ikalabing-walong "ocktinary" or seksyon ng Awit 119. "TZADDI"
2. Ang pangunahing salita sa Tzaddi ay Katuwiran – "righteous."
3. At dahil dito hayaan nyo na tahakin natin ang seksyon na ito, upang mabigyan natin ng mabuting pansin ang thema nitong Psalmo 119:137-144.
    - A. Kung ano ang totoo sa katangian ng Diyos ay siyang magiging totoo rin sa kanyang Salita: (v.137) "upright" – matuwid; (v.138) "righteous" – katuwiran, "very faithful" – napakatapat; (v.140) "very pure" – napakapuro; (v.142) "truth" – katotohanan; (v.144) "righteousness of thy testimonies is everlasting" – magpakailanman.
    - B. Tingnan natin ang ginagawa ni David sa Salita ng Diyos:
        1. (v.139) Tinunaw ako ng aking sikap – cut to the heart because of grief and anger for negelecting the word of God. Galit siya kasi pinabayaan nila ang salita ng Diyos.
        2. (v.140) Iniibig ito (salita ng Diyos) ng iyong lingkod.
        3. (v.141) – Kahit na maliit at hinahamak: hindi kinalilimutan ang tuntunin ng Diyos. Ito ay tunay na pagsubok – ang pagpupuri ng Diyos sa gitna ng mga pagsubok.
        4. (v.143) – kaguluhan at kahirapan ay humawak sa akin: gayon man ang utos ng Diyos ay aking kaaliwan.
        5. (v.144) – bigyan mo ako ng unawa – ang panalangin niya, at mabubuhay ako. Ibig sabihin, ang buhay na walang pagkakakilala sa Diyos ay kamatayan.
4. Punong puno itong Tzaddi ng maraming pwedeng pag-aralan, pero ngayon bibigyan natin nang pansin ang paksa nitong sekyson: ang Katuwiran ng Diyos.

**I. Ang Katangian ng Diyos at Katuwiran**: (Ang Kaniyang katuwiran ay pagpapahayag ng kabanalan)

- A. Bahagi ng kanyang karakter: Psalmo 7:9 "matuwid na Diyos"; Ps. 48:10 Puspos ng katuwiran; Ps. 71:19 katuwiran ay umaabot sa mataas na kalangitan; Ps. 97:2 "ang saligan ng kanyang trono ay katuwiran at kahatulan; Ps. 111:3 "nananatili magpakailanman" Ps. 116:5 "Mapagbiyaya at matuwid ang PANGINOON,"
- B. Lahat ng kanyang mga gawa at katuwiran: Hatol (Ps. 19:9) Lahat ng pamamaraan niya (Ps. 145:17), Matuwid na gawa ng PANGINOON (Mga Hukom 5:11). Pamahalaan ay katuwiran (Ps. 96:13 – kaniyahang hahatulan na may katuwiran ang sanglibutan…). Ang buong ebanghelyo ay upang maipakita ng Diyos ang pagiging matuwid niya (banal na pagtitiis Roma 3:25-26). Pati na rin ang pinakahuling paghatol ng lahat ng mga masasama ay base o sumasangayon sa kanyang katuwiran (Roma 2:5, Acts 17:31).

**II. Ang Katuwiran na ibinibilang sa atin ng Panginoon ay hiram galing sa Panginoong Jesus:**

- A. Sa biyaya ng Diyos, ay pinawalang sala ng Diyos ang mga makasalanang tao sa pamamagitan ng pananampalataya lamang kay Jesu-Cristo bukod sa mga gawa ng batas o mabubuting gawa ng tao. (Rom. 1:17) – Pagbibigay katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya.
- B. Meyroong "ibang ebanghelyo" (Galacia 1:6-7) at ito ay "na hindi." – o wala.
- C. Ang pananampalataya na nakakaligtas ay hindi higit o kulang na makapagtiwalaang pahinga sa tapos na o kompletong gawa ng Panginoong Jesu-Cristo. (Efeso 2:8-9).
    - C.1. Ang grasya ng Diyos ay bigay ng Diyos na walang bayad.
    - C.2. Ang pananampalataya ay tutol sa gawa ng laman o ng batas. (walang maaring magmataas).
    - C.3. Ang panampalataya na nakakaligtas ay tumitingin lamang kay Kristo ay hindi sa sarili. Buong buo at todo o sapat ang kasiyahan ng Ama sa gawa ng Anak. (2 Cor. 5:21). – ang panunahing pagiisip – "in Him" - - Sa Kanya!